


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 12: Pagbasa ng mga Magkakaugnay na Salita



**MTB-MLE – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 12: Pagbasa ng mga Magkakaugnay na Salita
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
Manunulat:	Loreta S. Bermudo
Editor:	Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay
Tagasuri:	Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor
Tagaguhit:	Lynzee A. Monta
Tagalapat:	Cristina T. Fangon, Edeliza T. Manalaysay
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Merlinda T. Tablan, Ellen C. Macaraeg, Elena V. Almario

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagarawan ng Edukasyon – Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 12:
Pagbasa ng mga Magkakaugnay
na Salita

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makababasa ng mga magkakaugnay na salita.

MT2PWR-Iei-7.6



Subukin

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga salita ay binabasa nang papantig at may pang-unawa.
 - A. maaari
 - B. hindi
 - C. oo

2. Ang salitang magkaugnay ay mga salitang magkasama at magkapareha.
 - A. maaari
 - B. hindi
 - C. oo

3. Alin sa mga pares ng salita ang magkaugnay at magkapareha?
 - A. baro at kutsara
 - B. lapis at papel
 - C. tabo at tambo


4. Alin sa mga salita ang kaugnay ng salitang bulaklak?
- A. kawali
 - B. plorera
 - C. sapatos
5. Alin sa mga pares ng salita ang hindi magkaugnay?
- A. bola at suklay
 - B. gatas at kape
 - C. mesa at upuan

Aralin

1

Pagbasa ng mga Magkakaugnay na Salita

Magandang araw! Alam mo bang may pagkakaugnay ang lahat ng mga bagay na nakikita mo sa iyong paligid? Maging ikaw ay may kaugnayan rin at ang iyong magulang. Ating kilalanin ang iba pang mga bagay o tao na magkaugnay.



Balikan

Panuto: Lagyan ng tsek (/) kung ang pares ng salita ay magkatugma o magkasintunog at ekis (X) kung hindi. Isulat sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. buhay - gulay
- _____ 2. gatas - tinapay
- _____ 3. mataas - malakas
- _____ 4. baso - laso
- _____ 5. mata - salamin



Tuklasin

Panuto: Basahin at unawain ang maikling kuwento.

Ang Aming Pamilya

Akda ni Loreta S. Bermudo

Kami ay nakatira sa aming munting tahanan. Kasama namin sina Nanay at Tatay, Ate at Kuya, Lolo at Lola at pati na rin si Bunso. Masaya ang aming buong pamilya. Tulong-tulong kami sa mga gawaing bahay.

Naglilinis si Ate gamit ang walis at pandakot. Nagdidilig naman si Kuya gamit ang tabo at timba. Namimitas ng mga prutas sina Lolo at Lola. Kinuha naman ni Tatay ang palakol upang siya ay magsibak ng kahoy. At habang si Bunso ay naglalaro, nagluluto naman ng masarap na hapunan si Nanay.



Suriin

Likas sa ating mga Pilipino ang pagtutulungan, kitang-kita ito sa loob ng ating tahanan. Napapagaan nito ang mga gawain at natatapos ito nang masaya. Halika, sagutin ang mga sumusunod na tanong batay sa binasang kuwento.

1. Sino-sino ang mga miyembro ng pamilya batay sa binasa?
2. Ano ang ginagawa ng pamilyang ito?
3. Paano mo mailalarawan ang pamilya batay sa kuwento?
4. Ano ang ginamit ni tatay sa pagsibak ng kahoy?
5. Magtala ng dalawang (2) magkapareha o magkakaugnay sa gawaing bahay?

Maraming bagay ang magkakaugnay. Ito ay maaaring magkapares o magkaparehang mga tao o bagay.

Halimbawa:

nanay at tatay

sapatos at medyas

lapis at papel

salamin at mata

karayom at sinulid


mesa at upuan

pandakot at walis

tabo at timba

manok at itlog




baso at pitsel



Pagyamanin






Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Tingnan ang bawat larawan. Piliin ang kaugnay na larawan sa kaliwa. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.



Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Basahin at piliin ang salitang kaugnay ng mga larawan. Isulat ang letra ng tamang sagot sa guhit.

- _____ 1.  A. laso B. mata C. pitsel
- _____ 2.  A. lapis B. sipilyo C. timba
- _____ 3.  A. kandila B. daliri C. mesa
- _____ 4.  A. kamay B. papel C. tinidor
- _____ 5.  A. bao B. pako C. yeso

Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Piliin ang kaugnay na salita sa loob ng kahon at isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

baro	hikaw	yeso
buhok	papel	kawali

1. lapis - _____
2. sandok - _____
3. saya - _____
4. pisara - _____
5. tainga - _____

Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Basahin at unawain ang mga salita. Piliin ang kaugnay na salita sa ibaba at isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. manok

gulay

itlog

prutas

2. ibon

dahon

pugad

sako

3. pantalon

bag

papel

sinturon

4. sapatos

bakya

damit

medyas

5. kahoy

basket

lagari

sandok

Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Basahin ang pangkat ng mga salita. Piliin ang salitang magkaugnay.

1. kandila

kurtina

posporo

2. bangka

bilao

sagwan

3. doktor

hospital

salamin

4. kape

gatas

lapis

5. halaman

paso

plato

Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Basahin ang mga salita sa bawat bilang at piliin ang dalawang salitang magkaugnay.

- | | | | |
|------------|--------|---------|---------|
| 1. bato | bundok | kandado | susi |
| 2. karayom | dahon | papel | sinulid |
| 3. bahay | kanin | sabon | ulam |
| 4. bunot | kahon | sahig | tulay |
| 5. araw | gabi | manika | payong |

Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Isulat ang tsek (/)kung ito ay magkaugnay at ekis (X) kung hindi.

1. manok – itlog - _____
2. lapis – pantasa - _____
3. upuan – bulaklak - _____
4. kahoy – basket - _____
5. mata – salamin - _____

Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Piliin sa Hanay B ang magkaugnay na mga salita sa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot.

A	B
_____ 1. singsing	A. kama
_____ 2. barya	B. tainga
_____ 3. hikaw	C. daliri
_____ 4. lolo	D. alkansiya
_____ 5. unan	E. lola



Isaisip

Ang magkakaugnay na salita ay mga salitang may koneksyon o relasyon sa isa't isa. Maaaring ito ay magkasama at magkapareha o magkapares.



Isagawa

Panuto: Basahin at unawain ang mga pangungusap. Piliin at isulat ang tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Nagwawalis si Belen sa kanilang bakuran. Ano ang gagamitin niya para mailagay sa basurahan ang mga kalat na kanyang naipon?
 - A. baso
 - B. mata
 - C. pandakot

2. Katatapos maglaro ni Ambo. Gusto na niyang maligo. Ano ang gagamitin niya?
 - A. mesa at upuan
 - B. sinulid at karayom
 - C. tabo at timba

3. Namitas ng bulaklak si Minda. Saan niya ito dapat ilagay?
 - A. pitaka
 - B. plorera
 - C. sako

4. Kinuha ni Letlet ang karayom. Siya ay mananahi ng kurtina. Alin dito ang kailangan niya?

- A. bilao
- B. laso
- C. sinulid

5. Si Mang Sendong ay mag-aayos ng sirang bakod. Alin dito ang kailangan niya?

- A. kutsara at tinidor
- B. martilyo at pako
- C. sapatos at medyas



Tayahin

Panuto: Basahin at unawain ang mga pangungusap. Piliin at isulat ang tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Aling salita ang kaugnay ng salitang baro?
 - A. gatas
 - B. pisara
 - C. saya

2. Aling salita ang kaugnay ng salitang babae?
 - A. lagare
 - B. lalaki
 - C. pambura

3. Alin sa mga pares ng salita ang magkaugnay?
- A. kanin at ulam
 - B. pala - palay
 - C. tren - trumpo
4. Alin sa mga pares ng salita ang hindi magkaugnay?
- A. apa at sapa
 - B. kutsara at tinidor
 - C. sapatos at medyas
5. Ano ang masasabi mo sa mga salitang ate at kuya, lapis at papel, nanay at tatay, sinulid at karayom?
- A. mga salitang magkaugnay
 - B. mga salitang magkasintunog
 - C. mga salitang magkasingkahulugan



Karagdagang Gawain

Panuto: Piliin sa Hanay B ang mga kaugnay ng mga salitang nasa Hanay A.

Hanay A

- _____ 1. magulang
- _____ 2. mag-aaral
- _____ 3. tinapay
- _____ 4. tito
- _____ 5. unan

Hanay B

- A. kumot
- B. palaman
- C. anak
- D. guro
- E. tita



Susi sa Pagwawasto

Subukin	1. C 2. C 3. B 4. B 5. A			
Balikan	1. / 2. X 3. / 4. / 5. X			
Pagpamanin				
Pinatnubayang Pagtasaray 1	1. C 2. E 3. B 4. A 5. D	Pinatnubayang Pagtasaray 1	1. C 2. B 3. A 4. C 5. B	Pinatnubayang Pagtasaray 2
Malayang Pagtasaray 1	1. kandilla- posporo 2. Bangka- sagwan 3. doktor- hospital 4. kape-gatas 5. halaman- paso	Malayang Pagtasaray 1	1. kandado- susi 2. karayom- sinulid 3. kanin-ulam 4. bunot-sahig 5. araw-gabi	Malayang Pagtasaray 2
Malayang Pagtasaray 2	1. C 2. D 3. B 4. E 5. A	Malayang Pagtasaray 2	1. ☺ 2. ☺ 3. ☹ 4. ☹ 5. ☺	Malayang Pagtasaray 2
Pinatnubayang Pagtasaray 2	1. itlog 2. pugad 3. sinturon 4. medyas 5. lagari	Pinatnubayang Pagtasaray 2	1. papel 2. kawali 3. baro 4. yeso 5. hikaw	Malayang Pagtasaray 2
Karagdagan	1. C 2. B 3. A 4. A 5. A	Tayahin	1. C 2. B 3. A 4. A 5. A	

Sanggunian

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *